# Ang Pag iikapu

Ang ikasampu sa lahat ng kinita na ating natanggap ay nabibilang sa Diyos. Si Abraham ang unang nagdala ng kanyang ikapu sa Panginoon. ***"17 At nilabas na sinalubong siya ng hari sa Sodoma pagkatapos na siya'y magbalik na mula sa pagpatay kay Chedorlaomer, at sa mga haring kasama niya sa libis ng Shave (na siyang libis ng hari). 18 At si Melquisedec, na hari sa Salem, ay naglabas ng tinapay at alak; at siya'y saserdote ng Kataastaasang Dios. 19 At binasbasan niya siya na sinabi, Pagpalain si Abram ng Kataastaasang Dios, na may-ari ng langit at ng lupa: 20At purihin ang Kataastaasang Dios, na nagbigay ng iyong mga kaaway sa iyong kamay. At binigyan siya ni Abram ng ikasangpung bahagi ng buong samsam." (Genesis 14:17-20)*** Nang pinagpala ng Diyos si Abraham ng tagumpay at nagawa niyang masamsam ang bayan ni Lot kasama ng mga ari arian, inihandog niya ang ikapu sa kanyang mga nasira. Ang pagdadala ng ikapu sa Diyos ay pagkilala ni Abraham sa Diyos sa pagdadala ng mga nasamsam sa kanya. Ang pagbibigay sa ating ikapu ay isang paggawa ng pagpapahayag ng ating katapatan at pagtitiwala sa Diyos na Siya ay nasa ating buhay at siya ang tutulong sa atin sa ating mga pakikibaka.

Bago nakilala ni Melquisedec ang hari ng Salem si Abraham, ang hari ng Sodom ay pumunta upang makilala siya, ***"At nilabas na sinalubong siya ng hari sa Sodoma pagkatapos na siya'y magbalik na mula sa pagpatay kay Chedorlaomer, at sa mga haring kasama niya sa libis ng Shave (na siyang libis ng hari)" (Genesis 14:17)*** Si Satanas ay laging pumupunta sa mga tao upang tuksuhin ang bayan ng Diyos para ilaan ang salapi sa ibang mga bagay bago ibigay ang ikapu. Sa gayon, aking itinuturo sa mga tao na kapag tinanggap na nila ang kanilang sahod o kanilang kinita, ang unang bagay na dapat nilang gawin ay kunin ang kanilang ikapu at ilagay ito sa isang sobre, at dalhin ito sa simbahan. Pagkatapos maari na nilang gastusin sa kanilang kailangan. Ito ay mahalaga na kapag ating natanggap ang ating mga kinita, ihihiwalay na natin ang ikapu at dadalhin ito sa Kanyang kamalig, ang simbahan.

Sa pagbibigay sa ikapu ay hindi pagbibigay sa tao kundi sa Diyos. Ibinigay ni Abraham kay Melquisedec, na kapareho ni Cristo at siya ang Kataastaasang Diyos, Hari ng Kapayapaan, Hari ng katuwiran**. *"1 Sapagka't itong si Melquisedec, hari sa Salem, saserdote ng Kataastaasang Dios, na siyang sumalubong kay Abraham sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari at siya'y pinagpala niya. 2 Na siya namang binahagihan ni Abraham ng ikasangpung bahagi ng lahat (na kung sasaysayin, una-una, siya'y Hari ng katuwiran, at saka Hari naman sa Salem, na sa makatuwid, ay Hari ng kapayapaan ;3 Na walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi, at walang pasimula ng mga araw ni katapusan ng buhay man, datapuwa't naging katulad ng Anak ng Dios), ay nanatiling saserdote magpakailan man.4 Nilaynilayin nga ninyo kung gaano ang kadakilaan ng taong ito, na binigyan ni Abraham, na patriarka, ng ikasangpung bahagi ng mga pinakamagagaling na samsam." (Hebreo 7:1-4)***

Nang ibinigay ni Abraham ang kanyang ikapu kay Melchadek, binyaran ni Levi ang kanyang ikapu, ***"9 At sa makatuwid baga'y sa pamamagitan ni Abraham pati si Levi, na tumatanggap ng ikasangpung bahagi, ay nagbayad ng ikasangpung bahagi ; 10 Sapagka't siya'y nasa mga balakang pa ng kaniyang ama, nang ito'y salubungin ni Melquisedec.'' ( Hebreo 7 :9-10)*** Samakatuwid kapag ibinibigay natin ang ating ikapu, ang ating mga anak mga anak na hindi pa ipinapanganak ay nagbibigay ng kanilang ikapu sa Diyos. Kaya kailangan nating kunin ang pananagutan upang turuan at disiplinahin ang ating mga anak. Na maging tapat at mag ikapu sa kanilang kinita ng tama. ***"Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." (Kawikaan 22:6)***

May mga dahilan sa hindi pagbibigay ng ikapu at gaya ng mga sumusunod:

- Walang katapatan
- Walang kagalakan
- Paghihimagsik
- Masamang pangangasiwa
- Kawalan ng pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos
- Kasakiman
- Kamunduhan at kasiyahang mga kaganapan
- Kakulangan ng kaalaman
- Kakulangan ng pagtitiwala sa Diyos

Kailangan nating maging tapat sa Diyos at mag ikapu sa lahat na ating natatanggap sa anyo ng sahod at mga pribilehiyo katulad ng bayad sa upa, salaping pang transportasyon, salapi para sa pag kain, atbp, ***"At lahat na ikasangpung bahagi ng lupain, maging sa binhi ng lupain, o sa bunga ng punong kahoy ay sa Panginoon: magiging banal sa Panginoon.'' (Levitico 27:30)*** Kaya't kailangan nating maging tapat sa Diyos at mag ikapu sa

lahat ng ating natatanggap, Ganon din, kung pababayaan natin o pipigilan ang ating ikapu para sa isang panahon sa gayon kapag ating ibinalik sa Diyos kailangan nating magdagdag ng ikalima sa halaga nito. ***"At kung ang sinoman ay tutubos ng alin mang bahagi ng kaniyang ikasangpung bahagi ay idagdag niya roon ang ikalimang bahagi niyaon." (Levitico 27 :31)***

Kapag tayo'y nag ikapu. Ito ay dapat bilang isang gawa ng pagsisisi at panunumbalik sa Diyos, isang pagpapahayag ng ating pananampalataya at katapatan, at sa paggawa niyon, matatanggap natin ang Kanyang gantimpala.

***"Sapagka't ako, ang Panginoon, ay hindi nababago, kaya't kayo, Oh mga anak na lalake ni Jacob ay hindi nangauubos. 7Mula nang mga kaarawan ng inyong mga magulang kayo'y nangagpakaligaw sa aking mga tuntunin, at hindi ninyo tinalima. Manumbalik kayo sa akin, at ako'y manunumbalik sa inyo, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano kami manunumbalik ?8 Nanakawan baga ng tao ang Dios? gayon ma'y ninanakaw ninyo ako. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano ka namin ninakawan? Sa mga ikasangpung bahagi at sa mga handog.9 Kayo'y nangagsumpa ng sumpa sapagka't inyo akong ninakawan, sa makatuwid baga'y nitong buong bansa.10 Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan.11 At aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng Panginoon ng mga hukbo,12 At tatawagin kayo ng lahat na bansa na mapalad: sapagka't kayo'y magiging maligayang lupain, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." (Malachias 3 :6-12)***

Ang Diyos ay pareho at ang Kanyang Salita ay hindi nagbabago. Sa Banal na Kasulatan na nasa itaas na mga bersekulo, Tiniyak Niya sa Kanyang bayan na Siya ay hinding hindi magbabago, kaya hindi mauubos ang mga tao. Siya ay may habag sa Kanyang bayan. Binibigyan pa rin tayo ng Diyos ng pagkakataon na bumalik sa Kanya. Tinatawag Niya tayo upang magsisi, tumalikod sa ating mga kasalanan at bumalik sa Kanya. Ngayon dahil alam na natin na tinatawag ng Diyos ang Kanyang bayan na bumalik sa Kanya at tumalima sa Kanyang mga tuntunin at mga kautusan, sa gayon ang tanong ay ito? 'Ano ang nagawa nilang mali?' Pangangalunya, pakikiapid, o panghuhula; siguradong ginawa nila ang nakakapighating mga bagay na ito laban sa Diyos na nagawa Niyang sabihin sa kanila na manumbalik sa Kanya. Sila'y tumalikod sa Kanyang mga tuntunin at hindi iningatan ang mga ito. Ngunit sila'y nagtanong, ***"Saan kami manunumbalik?" (Malachias 3:7)*** Ang katanungang ito ay itinanong ng mga tao na sumasamba sa Diyos at kahit sa naglilingkod sa Kanya ngunit sinasabi ng Diyos sa kanila na bumalik sa Kanya.

Ano ang nagawa nilang mali na ang Diyos ay hindi masaya sa kanila? Ang hatol laban sa kanila ay yaon ninanakawan nila Siya sa anyo ng ikapu at mga handog. Kakulangan sa ikapu ay pagnanakaw sa Diyos at hindi pagpapalain ng Diyos ang magnanakaw maliban na sila'y magsisi at ibalik ang kanilang ninakaw. Ang pagpipigil sa ating mga ikapu at handog mula sa Simbahan ng Diyos ay itinuturing na pagnanakaw. Ang mga ikapu ay ang unang ikasampung porsyento ng anumang ating natatanggap bilang kinita o ibang materyal na mga pagpapala. Pagkatapos nating dalhin ang ating ikapu as Diyos, sa gayon ibibigay natin ang ating mga handog ayon sa ating nagpagpasyahan na ibigay sa Panginoon. Ang mga anak ng Diyos ay hindi dapat kumilos katulad ng mga magnanakaw sa Diyos. Ang mga magnanakaw o manloloob ay hindi makakapasok sa Kaharian ng Diyos, o sa isang salita, walang kaligtasan para sa kanila maliban na sila'y magsisi.

Kapag ang mga tao o mga mananampalataya ay nagnakaw sa Diyos sa ganitong paraan, sila'y nasa ilalim ng isang sumpa; ang kanilang mga sarili, ang kanilang mga pamilya, ang simbahan na hindi nagturo o nagpayo tungkol as bagay na ito, at buong lipunan ay mapapasa ilalim sa isang sumpa sapagkat ang bayan ng Diyos ay ninakawan Siya**.** ***"Kayo'y nangagsumpa ng sumpa sapagka't inyo akong ninakawan, sa makatuwid baga'y nitong buong bansa." (Malachias 3:9)*** Ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak, Ang Paginoong JesuCristo, upang iligtas tayo at palayain tayo mula sa kasalanan at kamatayan. Ang mga taong nanampalataya kay Cristo ay dapat magsisi sa kanilang mga kasalanan at italaga ang kanilang buhay na ganap na gawin ang Kanyang kalooban. Ngunit paano nila masasabing lubos na nilang inialay ang kanilang buhay kay Jesus gayong hindi pa nila dinadala ang kanilang ikapu at mga alay sa kamalig ng Diyos sa lupa? Paano nila masasabi na iniibig nila ang Diyos ng buong puso kung hindi p anila iniaalay ang kanilang salapi as Kanya?

Ang ikapu at mga handog ay ginagamit upang suportahan ang gawain ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang simbahan. Ang ikapu at mga handog ay tumutulong din sa mga manggagawa lalo na sa mga gumagawa ng buong-panahong paglilingkod at walang sekular na trabaho. Ang gawain ng Diyos ay kailangan ng pinansiyal na suporta na nagmumula sa ikapu at mga handog upang ang espirituwal na pagkain na kinakailangan na ipadala at itulong sa mga kawan ay nariyan. Sa pagbibigay ng ating ikapu at mga handog, matatangap natin ang malaking pagpapala sa sumusunod na paraan:

1. Ang durungan ng Langit ay mabubuksan***: "Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan." (Malachias 3:10)*** Sa mga nagsasagawa ng pag iikapu palagi at nabubuhay sa banal na buhay, hindi humaharap sa suliranin sa pananalapi at natatanggap ang pagpapala sa sobrang kasaganaan na walang mapaglagyan. Personal kong mapapatotohanan ang tungkol dito sapagkat ang Diyos ay pinagpala ako ng sagana nang ibinigay ko ang aking ikapu sa Kanyang simbahan. Tiyak na ibubuhos ng Diyos ang Kanyang mga pagpapala sa ating buhay habang masigasig nating isinasagawa ang pagiikapu. Ang durungawan ng Langit ay mabubuksan pagkatapos nating ibigay ang ating ikapu. Sa katotohanan, ang ating kita na mayroon tayo ay hindi sapat para sa atin, ngunit pagkatapos nating dalhin ang ating ikapu, ano ang naiwan sa atin sa mga pagpapala ng Diyos ay magiging higit pa sa sapat. Ang lahat ng ating natatanggap ay kailangang ikapu sa Panginoon sa pagdadala nito sa simbahan na inilagay sa atin ng Diyos. Kung nanakawan natin ang Diyos, paano natin aasahan na pagpapalain tayo at bibigyan tayo ng kayamanan? Ang durungawan ng Langit ay mabubuksan lamang kung ating dadalhin ang ating buong ikapu sa Panginoon. Kapag ating dinala ang ating buong ikapu sa Panginoon, sa gayon pinaninibago natin ang ating tipan sa Diyos kasama ng pagpapahayag ng ating pagtitiwala sa Kanyang Probisyon. Sino ang makakapgbigay ng kayamanan? Ang Diyos lamang ang makakapagbigay niyaon sa atin. Hindi ito ang ating sahod, ang ating katalinuhan, o ating negosyo na tutulong sa ating buhay; ito ay ang Diyos at ang Diyos lamang.

2. Ang mananakmal ay sasawayin: ***"At aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng Panginoon ng mga hukbo," (Malachias 3:11)*** Habang ating dinala ang ating ikapu sa Diyos, Siya mismo ang sasaway sa mananakmal at ililigtas tayo sa pagkakalibing sa mga peste ng pananalapi gaya ng pagtaas ng buwis, mga sakuna, biglaang karamdaman, mga multa, mga manloloko, mga hindi kinakailangang mga bayarin at iba pa. Kaya't kapag ating nang natanggap ang ating sahod o anumang pinagkakakitaan na mayroon tayo, kailangan natin ilabas ang ating ikapu, upang buksan ng Diyos ang durungawan ng Langit para takpan ang ating mga bayarin, at harangan ang hindi mga kinakailangan na mga gastusin. Bakit kailangang dalhin natin ang ating buong ikapu***? "At aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng Panginoon ng mga hukbo," (Malachias 3:11)*** Sa mga nabigong dalhin ang kanilang mga ikapu ay nalalantad sa mga sakuna gaya ng aking sinabi kanina. Hindi lamang materyal na mga paghihirap ang kanilang mararanasan, sila ay madalas na nagiging biktima ng espituwal na mga hadlang kagaya ng takot, pagdududa, pagkabalisa, pag atake ng demonyo, at kahit pagharap sa kamatayan. Mangyayari ito dahil hindi sinasaway ng Diyos ang mananakmal at hindi pinipigilan ang pag atake ng diablo sa buhay ng mga nandadaya sa Diyos sa hindi pagdadala sa Simbahan ng Diyos ng kanilang buong ikapu.

   Ang mga tao na nagnanakaw as Diyos sa paraang ito ay nawala ang kanilang pakikipagtulungan sa Diyos, nabubuhay sa kawalan, at hindi sa kasaganaan. Maraming mga taong nagrereklamo at nanaghoy na sila'y nagtatrabaho nang husto, at nagpakapagal, ngunit sa huli nawala sa kanila ang lahat, at sila ay nagtaka kung bakit ang mga bagay ay nagkamali. Ang sinabi ng Diyos ay ang mga sumusunod: ***"Ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng Panginoon ng mga hukbo," (Malachias 3:11)*** Ang bunga ng puno ng ubas ay ang ubas at at habang sila'y lumalaki, sila'y nagiging luntian, pagkatapos ay unti unting nakakakuha ng tamis at habang sila ay nahihinog, nababago ang kulay. Kapag ang ubas ay nahulog sa lupa bago ito mahinog, sa gayon wala na itong gamit at lahat ng paggawa ng magsasaka ay magiging walang kabuluhan. At yaon ang magiging kinalabasan ng pagsusumikap at pagpapapagal ng mga hindi nagdadala ng kanilang ikapu sa bahay ng Panginoon, sa Kanyang simbahan kung saan sila inilagay. Ang lahat ng kanilang tinipon ay mawawala ng walang bakas.

3. Ang puno ng ubas sa parang ay hindi malalagasan sa di panahon***: "At aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng Panginoon ng mga hukbo," (Malachias 3:11)*** Ang puno ng ubas ay ang bunga ng ating pagsusumikap at pagpapapagal sa parang. Kumbaga tayo ay nagsumikap na magtanim sa ubasan, lilitaw ang bunga, hindi hahayaan ito ng Diyos na mahulog kapag ito ay luntian pa. Makikita ng Diyos iyon ang iyong pagsusumikap sa paglipas ng panahon ay hindi masasayang kundi maitatatag sa ngalan mo.

4. Tayo'y tatawaging pinagpala***: "At tatawagin kayo ng lahat na bansa na mapalad: sapagka't kayo'y magiging maligayang lupain, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." (Malachias 3:12)*** Isang paraan ng

ating katapatan sa Diyos ay nagpapahayag sa atin kapag ating dinala ang ating ikapu at mga handog, at pagpapalain Niya tayo sa paraang mapapansin at masasabi ng lahat na tayo ay pinagpala ng Panginoon.

Si Cristo ay nagsalita tungkol sa pagiikapu at itinagubilin Niya na huwag pabayaang hindi gawin. ***"Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! sapagka't nangagbibigay kayo ng sa ikapu ng yerbabuena, at ng anis at ng komino, at inyong pinababayaang di ginagawa ang lalong mahahalagang bagay ng kautusan, na dili iba't ang katarungan, at ang pagkahabag, at ang pananampalataya: datapuwa't dapat sana ninyong gawin ang mga ito, at huwag pabayaang di gawin yaong iba." (Mateo 23:23)***

Ating ipagkatiwala ang ating sarili sa Diyos, sa pagtalima sa Kanya at dalhin nang buo ang ating ikapu at mga handog. Tayo ay magtiwala sa Kanya at sa Kanyang mga pangako sa atin at makatiyak na tutuparin Niya ang sinabi sa Kanyang Salita. Tayo ay lumakad sa liwanag ng Kanyang Salita upang tayo ay mabuhay nang lubusan at makatanggap ng mga dakilang pagpapala mula sa Diyos nang walang mananakmal na kakatok sa ating pananalapi.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon patawarin mo ako sa aking mga kasalanan ______________________.

Ating ipagtapat at talikuran ang ating mga kasalanan sa Panginoon. Ating ipagtapat at talikuran ang lahat ng ating pagmamalaki, ating sariling mga kaparaanan, at ating walang kagustuhang tumalima sa mga paran ng Diyos.

Panginoon, ako'y nagpapasalamat para sa iyong Salita sa akin na ipinaliwanag sa akin na kailangan kong dalhin ang aking ikapu at mga handog sa iyo upang iyong buksan ang durungawan ng langit at sa ganon iyong sasawayin ang mananakmal mula sa aking buhay, Aking ipinagkakatiwala ang aking sarili na dalhin ang aking ikapu at mga handog sayo. Aking ipinapangako ang aking buhay na maging isang mabuting halimbawa sa iba. Panginoon pusposin mo ako ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa akin ang espirituwal na mga kaloob na aking kailangan upang makapangebanghelyo at makagawa ng mga disipolo. Panginoon protektahan mo ako at ibigay ang lahat ng aking pangangailangan upang makapagpatuloy ako at maglingkod sayo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinakumbaba ang kanilang mga sarili sa harapan ng iyong Salita at ipinangako ang kanilang sarili na gawin ang iyong kautusan at dalhin ang kanilang ikapu sa iyong kamalig. Panginoon, buksan mo ang durungawan ng langit at pagpalain sila. Nakikiusap akong sawayin ang mananakmal sa kanilang buhay. Patatagin ang kanilang mga trabaho, ang pinagkukunan ng kanilang kinikita, at paunlarin mo sila oh Diyos!

Panginoon, ako'y nananalangin para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kaming magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon, aming ipinapangako ang aming sarili na gawin ang tama at matuwid sa iyong paningin. Patuloy mong ipahayag ang iyong kalooban sa amin. Panginoon, pusposin mo ulit kami ng iyong Banal na Espiritu at paging dapatin kaming makapagebanghelyo at abutin ang mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at sa Salita ng Diyos. Panginoon, kami'y nananalangin na paging dapatin kaming makapagtanim ng pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com